Republic of the Philippines
# Department of Education
Cordillera Administrative Region
**Schools Division of Benguet**

DepEd-Benguet Division
SEP 15 2026
RELEASED

**14 September 2026**

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 371, s.2026

**ADDENDUM TO SDO MEMORANDUM NO. 216, S. 2026, *REITERATING SIMPLIFIED LESSON PLANNING AND LEARNING DESIGN AS PER DEPED ORDER NO. 16***

TO: Assistant Schools Division Superintendent
CID and SGOD Chiefs
Public Schools District Supervisors/Public Schools District In-charge
Elementary and Secondary School Heads
All Others Concerned

1. Relative to SDO Memorandum No. 216 s. 2026 titled: *Reiterating Simplified Lesson Planning and Learning Design as Per DepEd Order No. 16, s. 2026*, concerned personnel are hereby informed of the following additional guidance on lesson planning in the Kindergarten Education Program (KEP).

a. Lesson plans in the Kindergarten Education Program may be prepared using an alternative format that is aligned with the principles of simplified lesson planning and learning design, as well as the provisions of DepEd Order No. 16, s. 2026. The attached template may be adopted as an alternative means of organizing plans within the prescribed ILAW framework.

b. The alternative format is designed to support the meaningful integration of the different learning domains across the daily blocks of time . It likewise facilitates the coherent development of the weekly themes, while ensuring alignment with the intended learning outcomes and the requirements of the Kindergarten Education Program.

2. Attached are the lesson plan template and a sample accomplished lesson plan for reference and guidance.

3. Immediate dissemination of this memorandum to all concerned personnel is desired.

sgd
**CARMEL F. MERIS**
OIC - Schools Division Superintendent

CID-IM/AMD/ffp/ecq

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Website:sdo.depedbenguet.com

**Enclosure 1: SDO Memo No. 371 s. 2026**

A. **Lesson Plan Template**

| | |
|---|---|
| **THEME:** | **Date:** |
| **SUBTHEME:** | |
| **LEARNING DOMAINS:** | **Week:**<br>**Time:** |
| **TEACHER:** | **Term:** |
| **GRADE LEVEL & SECTION:** | |
| **NO. OF SESSION/DAYS** | |
| **REFERENCES:** | |
| **DECLARATION OF AI USE** | |
| **INTENTIONS:** | |
| **Performance Standard** | |
| **Content Standard** | |
| **Learning Competency/ies:** | |
| **Learning Objectives:** | |
| **Learning Context** | |
| **LEARNING EXPERIENCES:**<br>**Flow:** | |
| **Pre-Lesson:** | |
| **ARRIVAL TIME (10 minutes)** | |
| **Meeting Time 1 (15 minutes) Could include the routinary activities and Motivation to Circle 1** | |
| **Circle Time 1 (45 minutes)**<br>**a. Discussion**<br>**b. Activities** | |
| **Supervised Recess (15 Minutes** | |
| **Quiet/Nap Time (10 Minutes)** | |
| **Circle Time 2 (40) minutes)**<br>**a. Discussion**<br>**b. activities** | |
| **Indoor/Outdoor (20 minutes):** | |
| **Learning Resource/s:** | |
| **ASSESSMENT: (15 min.)** | |
| **Wrap-Up of lessons from the whole session) (10 Minutes)** | |
| **WAYS FORWARD**<br>**Extended Learning Opportunities- homework/remediation/enrichment activities** | |
| **Dismissal Time** | |
| **Reflection:** | |

**B. Sample Kindergarten Lesson Plan**

<table>
<tr><td>THEME:</td><td>Exploring Our Community</td><td rowspan="2">Date:</td></tr>
<tr><td>SUBTHEME:</td><td>We belong to a Family</td></tr>
<tr><td>LEARNING DOMAINS:</td><td>• Socio-emotional Development (Pagpapaunlad ng Sosyo-emosyunal at Kakayahang Makipamuhay)<br>• Values Development (Kagandahang Asal)<br>• Physical Health & Motor Development (Kalusugang Pisikal at Pagpapaunlad sa Kakayahang Motor)<br>• Language, Literacy, and Communication (LL)<br>• Mathematics (M)<br>• Sining</td><td>Week: 2<br>Time:</td></tr>
<tr><td>TEACHER:</td><td>ROBELYN A. PADSUNGAY & LALITA U. LAQUIAO</td><td>Term: SECOND TERM</td></tr>
<tr><td>GRADE LEVEL & SECTION:</td><td colspan="2">KINDERGARTEN</td></tr>
<tr><td>NO. OF SESSION/DAYS</td><td colspan="2">5 days- Day 1</td></tr>
<tr><td>REFERENCES:</td><td colspan="2">NKCG/KINDERGARTEN BOW/ REVISED K-12 (MATATAG) CURRICULUM/ LEARNING DELIVERY GUIDE/ KINDER TEACHERS GUIDE/</td></tr>
<tr><td>DECLARATION OF AI USE</td><td colspan="2">AI was used as a support tool during lesson planning to help generate ideas, organize content, create differentiated activities, and improve instructional materials. I also use AI to translate the medium of instruction when necessary to make lessons more understandable and accessible to learners. All AI-generated suggestions and translations are carefully reviewed and adapted to ensure they align with curriculum standards, learning objectives, and the specific needs of my learners.</td></tr>
</table>

| **INTENTIONS:** | |
|---|---|
| **Performance Standard** | The learners demonstrate proper discipline, honesty, respect, friendship, and care towards other people. |
| **Content Standard** | The learners understand the value of discipline, honesty, respect, friendship, and care and concern. |

| | |
|---|---|
| **Learning Competency/ ies:**<br><br>***Planning is weekly but preparation of plan is daily.** | • Identify one's given name, friends' names, their family members, and common things they use that are found at home<br>• Participate in dialogues or conversations about familiar events<br>• Produce the sound of the letter it stands for<br>• Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form<br>• Recognize that sounding off letters form words<br>• Use communication tools properly and technology appropriately<br>• Apply basic mathematical operations (formal and non-formal applications) using locally available materials<br>• Match numerals to a set of concrete objects around me<br>• Compare quantities using one-to-one correspondence to determine which has more, less, or equal |
| **Learning Objectives (Unpacked from competency)** | • Natutukoy ang mga miyembro ng pamilya.<br>• Nakapagkukuwento ng karanasan tungkol sa pamilyang kinabibilangan.<br>• Natutukoy at nasasabi ang tunog ng letrang Tt.<br>• Natutukoy ang bilang walo (8).<br>• Nakakabilang ng bagay na may bilang na walo (8).<br>• Natutukoy ang hugis parihaba.<br><br>**IKSP:** Close Family ties<br>**Values**: Semek – pagmamahal sa pamilya<br>Pan-iinatang – helping one another |
| **Learning Context** | Ang mga mag-aaral ay aktibo, masigla, at mausisa sa proseso ng pagkatuto. Nakikilahok sila sa talakayan kasama ang kanilang mga kaklase at malayang nagpapahayag ng kanilang mga ideya at obserbasyon. Sa pamamagitan ng mga kagamitang konkretong panturo, larawan, at mga bagay sa kanilang paligid, naipauunlad nila ang kanilang pag-unawa sa aralin. Naipapakita rin nila ang kanilang pagiging mausisa sa pamamagitan ng pagtatanong, pagmamasid, at pagsisiyasat. |

**LEARNING EXPERIENCES:**

**Flow**

**Pre Lesson:**

**Arrival Time (10 minutes)**

Malayang paglalaro ng mag-aaral sa mga manipulatives o laruan sa loob ng klase.
Malayang pakikipagkuwentuhan/pakikipaglaro sa mga kamag-aral.

**Meeting Time 1 (15 minutes)/**

a. Routinary Activities:
- Pangunahan ang mga mag-aaral sa pag-awit ng Lupang Hinirang.
- Pagsagawa ng maikling kumustahan upang malaman ang kalagayan at kahandaan ng mga mag-aaral.
- Gabayang tukuyin ng mga mag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng panahon at ang araw.

b. Motivation: (***motivation for circle time 1 and 2)*
- Ipakita sa mga mag-aaral ang larawan/modelo/tunay na bahay sa paligid.
- Paglalarawan sa mga bahay na nakita.
- Itanong: Sino-sino kaya ang mga nakatira dito?

| Circle Time 1 (45 minutes): Literacy Heavy: Titik Tt | |
|---|---|
| **Discussion and Activities:** | 1. Pakikinig sa kuwento- "Ang Pamilya ni Mang Tomas"<br>2. Itanong ang mga sumusunod:<br>a. Tungkol saan ang ating kuwento?<br>b. Sino ang sumulat nito?<br>c. Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya na nabanggit sa ating kuwento?<br>d. Ayon sa ating kuwento, ano ang ginagawa ng bawat miyembro ng pamilya ni Mang Tomas?<br>e. Sa inyong mga bahay, ano-ano ang ginagawa ninyo nang sama-sama ?<br>f. Ano-ano ang pangalan ng mga miyembro ng pamilya ni Mang Tomas?<br>g. Anong tunog ang naririnig ninyo sa unahan ng mga pangalan ng bawat kasapi ng pamilya? |
| | 3. Pagbigkas sa wastong tunog /t/. (I do, We do, You do)<br>4. Ipakilala ang pangalan ng letra Tt.<br>• Pag-awit ng awiting na nakapukos sa tunog ng Tt.<br>5. Tanong: Sino sa inyo ang may pangalan na nagsisimula sa tunog na /t/?<br>6. Magpakita ng iba pang mga bagay na nag-uumpisa sa tunog na /t/.<br>• tainga, tuhod, tabo, timba etc.<br>7. Magbigay ng mga bagay na nakikita sa ating silid-aralan na nagsisimula sa tunog /t/.<br>8. Mga gawain:<br>• pagmolde ng malaki at maliit na letrang Tt gamit ang luwad<br>• Hanap Letra (Tt): maghanap ng walong (8) letrang Tt at idikit ito sa loob ng parihaba<br>• Pagbakat ng letra Tt |
| **Supervised Recess (15 Minutes)** | |
| • Ihanda ang mga bata at paalalahanan sila sa wastong gawi bago, habang, at pagkatapos kumain.<br>• Pangunahan ang mga bata sa panalangin bago kumain.<br>• Tulungan ang mga batang nangangailangan ng tulong sa pagbubukas ng kanilang baon.<br>• Hikayatin ang pagbabahagi ng pagkain sa mga kaklaseng walang baon. | |
| **Quiet/Nap Time (10 Minutes)** | |
| Magpatugtog nang mahina ng **"Twinkle, Twinkle, Little Star"** o iba pang awiting pambata habang nagpapahinga ang mga bata. Maaari ring pumili ng malumanay na awitin o musikang may kaugnayan sa aralin. | |
| **Circle Time 2 (40 minutes) Numeracy Heavy: Bilang 8 at Parihaba** | |

<table>
<tr><td>Discussion and Activities:</td><td>1. Ayon sa kuwentong napakinggan, itanong ang mga sumusunod:<br>a. Ilan ang miyembro ng pamilya ni Mang Tomas?<br>b. Ilang talong ang hinugasan ni ate Tanya at ate Terry?<br>c. Ilang tasa ang nilagyan ni kuya Toto ng tubig?<br>d. Ano naman ang inihanda ni kuya Tony?<br>2. Ipakilala ang bilang walo (8)<br>a. Pagmomodelo sa pagbilang ng walo (8)<br>**Maaring gawin sa mga sumusunod na paraan:<br>• pagbilang ng sa ang ating mga walong (8) daliri/<br>• paghakbang ng walo (8)<br>• pagpalakpak ng walong (8) beses<br>3. Itanong: Saan nila inilagay ang mga pagkain?<br>4. Ipakilala ang hugis parihaba.<br>5. Itanong: Ano kaya ang pagkakaiba nito sa hugis parisukat?<br>6. Paghanap o pagbanggit ng mga bagay na hugis parihaba sa loob ng silid-aralan.<br>7. Mga gawain:<br>• pagbilang ng mga bagay na nabanggit sa kuwento o gumamit ng mga counters<br>• pagkulay ng berde sa walong (8) parihaba na may nakasulat na letrang Tt<br>• paghanap ng bilang walo (number 8) sa inihandang gawain sa tablet</td></tr>
<tr><td>Indoor/Outdoor (20 minutes):</td><td>1. Pagpapalaro ng "Hanap-Parihaba"<br>2. Pagbilang ng Isa- Walo (1-8)<br><br>Pagproseso sa Gawain:<br>• Anong nararamdaman ninyo ngayon?<br>• Anong dapat nating tandaan kapag tayo ay sumasali sa mga laro o kaya ay paligsahan?</td></tr>
<tr><td>Learning resource</td><td>Story: Ang Pamilya Tomas, worksheets, pictures, realia, cut-outs, slide decks ng gawaing 8 sa tablet.</td></tr>
<tr><td colspan="2">ASSESSMENT: (15 min.)</td></tr>
<tr><td></td><td>Pasalita (Oral)- Itanong ang mga sumusunod:<br>• Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya?<br>• Magbigay ng mga pangalan ng tao o bagay na nagsisimula sa tunog na /t/.<br>• Ipakita ang bilang na walo (8) sa daliri.<br>• Magturo ng mga hugis parihaba na iyong nakikita sa silid-aralan.</td></tr>
<tr><td>Wrap-Up (10 minutes)</td><td>Ipasagot:<br>1. Ano-ano ang maaring gawin para makatulong sa pamilya?<br>2. Anong titik ang ating napag-aralan ngayon? Ano ang tunog nito?<br>3. Anong bilang ang napag-aralan natin ngayon?<br>4. Anong hugis ang napag-aralan natin ngayon?</td></tr>
<tr><td>WAYS FORWARD</td><td></td></tr>
<tr><td>Extended Learning Opportunities</td><td>• Maghanap ng walong (8) bagay sa bahay na nagsisimula ang pangalan sa tunog na /t/.<br>• Hanap-hugis: Maghanap ng walong (8) bagay sa bahay na hugis parihaba.</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **Dismissal time** | 1. Pag-aayos ng mga mag-aaral ng kanilang kagamitan.<br>2. Pag-awit ng awiting pamamaalam.<br>3. Pagtiyak ng ligtas na pag-uwi ng mga bata kasama ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga. |
| **Reflection** | **(to be filled out by the teacher AFTER teaching)**<br>Bilang ng mga mag-aaral na nakamit ang mga layunin para sa sesyon: ____<br>Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang gawain/remediation: ____<br>Mga estratehiyang naging epektibo: ____<br>Mga hamong kinaharap: ____<br>Mga susunod na hakbang/pagbabago: ___ |

**Reviewed by :**

| | |
|---|---|
| **LAVI C. PISTULA**<br>SP 1 | **CHRISTINE N. PUGUON**<br>SP1 |
| **ERLINDA C. QUINUAN**<br>EPS | **SONIA D. DUPAGAN**<br>EPS |
| **NORBERT C. LARTEC**<br>EPS | **ALADIN M. DOBINTO**<br>CES-CID |

**Annexes: Mga Kagamitan**

A. Meeting Time 1
   - Motivation:



*https://www.vecteezy.com/vector-art/47564203-wooden-stilt-house-standing-on-support-beams-with-porch-and-stairs*

B. Circle Time 1:

**1. "Ang Pamilya ni Mang Tomas"**




**Guro:** Isang Sabado, maagang gumising sina Mang Tomas, Aling Tess, at ang kanilang anim na anak.
**Guro:** Ilan ang kanilang anak?
**Guro: Bilangin natin!**
**Mga Bata**: Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim!
**Guro:** Bawat isa sa kanila ay may gawain. Sina Kuya Toto at Kuya Torio ay nag-ayos ng sala.
**Kuya Toto:** Kuya Torio, tulungan mo ako.
**Kuya Torio:** Sige! Magtulungan tayo!

**Guro:** Ano ang ginawa nila?
Sa kusina, tumulong sina Ate Terry at Ate Tanya.
**Ate Terry**: Tanya, hugasan natin ang mga talong.
**Ate Tanya**: Sige! May walong talong tayo.

**Guro:** Ilan ang talong?
**Guro:** Bilangin natin!
**Mga Bata:** 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8! *(Gayahin ang paghuhugas ng talong.)*

Pagkatapos, naghanda si Kuya Torio ng mesa.
**Kuya Torio:** Ihahanda ko ang ating parihabang mesa.

**Guro:** Mga bata, ano ang hugis ng mesa?
**Guro:** Tama! Gumuhit tayo ng parihaba gamit ang ating daliri. *(Gumuhit ng parihaba sa hangin.)*

**Kuya Torio:** Maglalagay ako ng walong baso sa mesa.
**Guro:** Ilang baso?
**Tony:** Ako naman ang maglalagay ng walong kutsara at tinidor at walong tinapay.

**Guro:** Bilangin natin ang mga tinapay!
**Mga Bata:** 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8!

**Aling Tess:** Mga anak, handa na ang agahan!
**Mang Tomas:** Bago tayo kumain, ano muna ang gagawin natin?

Pagkatapos manalangin, sama-samang kumain ang pamilya sa parihabang mesa.
**Mang Tomas:** Mas masaya kapag sama-sama.
**Aling Tess:** At mas magaan ang gawain kapag nagtutulungan.
**Guro:** Mga bata, paano kayo makatutulong sa inyong pamilya?


**Mga Bata**: *Magligpit ng laruan! Mag-ayos ng gamit! Maghugas!*
**Guro:** Magaling! Tandaan natin:
**Mga Bata:**
"Sa pamilya, nagtutulungan,
Nagmamahalan araw-araw!"

2. **Awitin:**


**Ano ang Tunog Letra Tt?**
(Tono: This is the Way I Brush my Teeth)

Ano ang tunog ng letrang Tt?
Letrang Tt, letrang Tt?
Ano ang tunog ng letrang Tt?
/t/, /t/, /t/.


3. **Mga Gawain:**
   a. pagmolde ng malaki at maliit na letrang Tt gamit ang luwad



b. Hanap-letra (Tt): maghanap ng walong (8) letrang Tt at idikit ito sa loob ng parihaba




c. Pagbakat ng letra Tt



C. Circle Time 2:


1. Ayon sa kuwentong napakinggan, itanong ang mga sumusunod:
   a. Ilan ang miyembro ng pamilya ni Mang Tomas?



   b. Ilang talong ang hinugasan ni ate Tanya at ate Terry?




   c. Ilang tasa ang nilagyan ni kuya Torio ng tubig?




   d. Ano naman ang inihanda ni kuya Tony?



2. Ipakilala ang bilang walo (8)





3. Itanong: Saan nila inilagay ang mga pagkain? Ipakilala ang hugis parihaba.





4. Mga gawain:
   - pagkulay ng berde sa walong (8) parihaba na may nakasulat na letrang Tt



- paghanap ng bilang walo (number 8) sa inihandang gawain sa *tablet*




D. Indoor/ Outdoor:

1. **Hanap Parihaba at Pagbilang ng Isa- Walo (1-8)**

Panuto:

a. Ihanda ang mga bagay na hugis parihaba na may nakatagong bagay sa likod nito.
b. Isaayos ang mga ito sa bakanteng gilid ng silid-aralan na may katamtamang pagitan ang mga bawat hugis parihaba na bagay.
c. Magpatugtog ng musika at sasayaw ang mga mag-aaral.
d. Sa paghinto ng musika, ang mga mag-aaral ay pipili ng parihaba na kanilang gusto.
e. Pakatapos makapili ang mga mag-aaral, bibilangin ang mga bagay na nakatago sa likod ng parihaba.
f. Ang mga batang nakapili ng parihaba na hindi walo (8) ang bilang ay matatanggal sa laro.